Bill of Rights ng Mga Biktima ng Sekswal na Pananakit

Pinagtibay ang Bill of Rights ng Biktima ng Sekswal na Pananakit noong 2019 upang ibalangkas ang mga pangunahing proteksyon at pangunahing karapatan para sa mga nakaligtas sa New Jersey.

Anuman ang pipiliing gawin ng nakaligtas pagkatapos ng isang pananakit, dapat nilang malaman na ginagarantiyahan ang kanilang mga karapatan, kahit na hindi naireport ang pananakit sa tapagpatupad ng batas. Idinideklara ng Bill of Rights ng Biktima ng Sekswal na Pananakit na ang lahat ng nakaligtas sa sekswal na karahasan ay may karapatang tratuhin nang may dignidad at habag at karapatang mapawalang-sala. Pinagtitibay din ng Bill of Rights na dapat malaya ang mga nakaligtas mula sa mungkahi na may kontribusyon sila sa panganib ng pananakit. ***Ang sekswal na karahasan ay hindi kailanman kasalanan ng nakaligtas.***

MAY KARAPATAN ANG MGA NAKALIGTAS NA:

- Piliin kung irereport sa tagapagpatupad ng batas.
- Maging malaya sa anumang mungkahi na dapat nilang ireport ang krimen upang magkaroon ng garantiya ang kanilang mga karapatan.
- Maging malaya sa anumang mungkahi na dapat iwasan ng mga biktima ang pagrereport ng mga krimen upang maiwasan ang hindi gustong personal na publisidad.
- Tratuhin nang seryoso ang kanilang report ng sekswal na pananakit.

*Anuman ang pipiliing gawin ng nakaligtas pagkatapos ng isang pananakit, dapat nilang malaman na ginagarantiyahan ang kanilang mga karapatan, **kahit na hindi naireport ang pananakit sa tapagpatupad ng batas.***

MAY KARAPATAN ANG MGA NAKALIGTAS NA MAABISUHAN AT MAGKAROON NG ACCESS SA:

- Ang kasalukuyang medikal, pagpapayo, kalusugan ng pag-iisip, o iba pang serbisyong available para sa mga biktima ng sekswal na pananakit, naireport man o wala ang krimen sa tagapagpatupad ng batas.
- Ang paggamot at mga panayam na ibinigay sa isang wika kung saan matatas ang nakaligtas.
- Mga pantulong na device para matugunan ang anumang kapansanan na maaaring mayroon sila.
- Pagsusuri para sa HIV o iba pang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik at tulong sa pag-udyok sa taong nagdulot ng pinsala na magpasuri para sa mga nakakahawang sakit at isiwalat ang mga resulta.

njcoalition
against sexual assault

MAY KARAPATAN ANG MGA NAKALIGTAS NA MAABISUHAN AT MAGKAROON NG ACCESS SA:

- **Pagkolekta at pagpreserba ng ebidensya:** Ang pagkolekta ng ebidensya ay time-sensitive at dapat mangyari sa loob ng pitong araw pagkatapos ng pananakit (o hanggang siyam na araw pagkatapos ng pananakit sa mga espesyal na sitwasyon, kung matukoy ng forensic nurse examiner na maaari pa ring maging available ang magagamit na forensic evidence para kolektahin). Maaaring piliin ng mga nakaligtas na mangolekta ng ebidensya, itutuloy man nila ang kasong kriminal o hindi. Pinananatili ang lahat ng forensic evidence sa loob nang hindi bababa sa 20 taon.* Kung pipiliin ng nakaligtas na magreport sa pulisya, ang ahensyang nagpapatupad ng batas na responsable para sa pagsisiyasat ng sekswal na pananakit ay dapat magbigay ng mga update sa katayuan ng lahat ng ebidensyang nakolekta sa kahilingan ng nakaligtas.
- **Pinansyal na kompensasyon o kabayaran:** Nag-aalok ang Victims of Crime Compensation Office (VCCO) ng tulong sa pag-access ng kompensasyon para sa mga gastos na natamo bilang resulta ng isang pananakit, kabilang ang halaga ng pagpapayo sa kalusugan ng pag-iisip, mga medikal na singil, relokasyon, o kawalan ng kita. Maaaring makipag-ugnayan ang mga nakalaigtas sa VCCO sa (877) 658-2221 o www.NJVictims.org.
- **Ang mga libreng serbisyo ng isang Sexual Assault Response Team (SART) kung ang nakaligtas ay lampas sa edad na 13.** Binubuo ang SART ng isang confidential sexual violence advocate (CSVA), isang law enforcement officer (LEO), at isang forensic nurse examiner (FNE).
    - Isang kumpidensyal na mapagkukunan ang **CSVA** na maaaring suportahan ang nakaligtas sa pamamagitan ng proseso ng SART. Nagbibigay ang CSVA ng emosyonal na suporta at maaaring makatulong sa nakaligtas na tuklasin ang kanilang mga karapatan, opsyon, at available na mapagkukunan.
    - Maaaring magbigay ang **LEO** ng masusing at walang kinikilingang tulong sa pagtugon sa at pagsasagawa ng isang kriminal na pagsisiyasat ng sekswal na pananakit.
    - Kung nangyari ang pananakit sa loob ng huling pitong araw (o hanggang siyam na araw pagkatapos ng pananakit sa mga espesyal na sitwasyon, kung matukoy ng FNE na ang magagamit na forensic evidence ay maaari pa ring maging available para kolektahin), maaaring asikasuhin ng **FNE** ang mga medikal na pangangailangan ng nakaligtas at gumamit ng Sexual Assault Forensic Exam (SAFE) Kit para kolektahin ang forensic evidence. **Maaaring piliin ng nakaligtas na magtrabaho kasama ang isa, dalawa, o lahat ng tatlong miyembro ng SART.**

**Noong April 2024, pinalawak ang window ng pag-activate ng Sexual Assault Response Team (SART) mula limang araw hanggang pitong araw pagkatapos mangyari ang isang insidente ng sekswal na karahasan. Noong March 2023, pinahaba ang panahon ng pagpapanatili ng forensic evidence mula limang taon hanggang sa minimum na 20 taon.*

Ang suporta ng isang confidential sexual violence advocate ay available 24 na oras sa isang araw. Upang matuto pa tungkol sa mga karapatan at opsyon ng mga nakaligtas o makipag-usap sa isang tagapagtaguyod, makipag-ugnayan sa iyong lokal na sexual violence service provider.

Kung ikaw ay nasa agarang panganib, tumawag sa 911.

New Jersey Coalition Against Sexual Assault
www.njcasa.org
24-Oras na Hotline ng Buong Estado: (800) 601-7200

njcoalition against sexual assault

MGA SANGGUNIAN

Attorney General Standards for Providing Services to Victims of Sexual Assault. (November 2018). Nakuha mula sa https://www.nj.gov/oag/newsreleases18/AG-SART-Standards.pdf

N.J Ct. R. 5:7B. Bill of Rights ng Biktima ng Sekswal na Pananakit. (n.d.). Nakuha mula sa https://www.njleg.state.nj.us/2018/Bills/PL19/103_.PDF

© New Jersey Coalition Against Sexual Assault 2024. Ang New Jersey Coalition Against Sexual Assault (NJCASA) ay ang adbokasiya ng buong estado at capacity building na organisasyon na kumakatawan sa 21 sentro para sa krisis ng panghahalay na nakabatay sa county, ang Rutgers University - New Brunswick Office for Violence Prevention and Victim Assistance, at isang pangkat ng mga organisasyong partikular sa kultura.